

Pagtulong sa mga taong may kapansanan na mag-ipon para sa hinaharap

Hunyo 02, 2022 [Mga katanungan sa media](#)

Pinapadali ng pamahalaan ng Alberta para sa mga Albertan na may mga kapansanan na magbukas ng Registered Disability Savings Plans (RDSP) [Mga Nakarehistrong Plano sa Pag-iipon ng may Kapansanan].

Ang lalawigan ay kumikilos sa isang platapormang pangako at mamumuhunan ng \$500,000 taun-taon sa loob ng dalawang taon upang magbigay ng suporta sa mga Albertan na may mga kapansanan at kanilang mga pamilya upang makapagbukas sila ng isang RDSP. Ang RDSP ay isang pangmatagalang plano ng pag-iipon para sa mga taong may mga kapansanan, na nagbibigay ng hanggang \$90,000 sa mga pederal na gawad at mga bono sa buong buhay ng isang tao.

Sa pamumuhunang ito, ang apat na mga sentro ng pamilya ng pamahalaan ng Alberta ay nakatanggap ng mga gawad upang matulungan ang mga Albertan sa proseso ng aplikasyon sa RDSP. Ang Alberta Ability Network [Network ng Kakayahan ng Alberta], Alberta Association of Immigrant Serving Agencies [Ang Asosasyon ng mga Ahensiyang Nagsisilbi sa Imigrante ng Alberta] at Alberta Native Friendship Centers [Mga Sentro ng Katutubo sa Pagkakaibigan ng Alberta] ay nakatanggap ng mga gawad upang isulong din ang kamalayan sa RDSP at pagbubuo ng kapasidad sa loob ng kanilang mga komunidad. Ang layunin ay upang tulungan ang pinakamaraming mga Albertan na may mga kapansanan hangga't maaari sa kumplikadong proseso ng aplikasyon ng RDSP.

Ang mga RDSP ay isang aspeto ng pederal na Kredito sa Buwis ng May Kapansanan (Disability Tax Credit) at maaaring magamit upang magbigay ng pangmatagalang seguridad sa pananalapi para sa mga magulang ng mga batang

may kapansanan o upang matulungan ang mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan na mag-ipon para sa hinaharap.

Mga sentro ng mapagkukunan ng pamilya

Tinutulungan ng mga sentro ng mapagkukunan ng pamilya ang mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya sa pagkuha at pagsasaliksik sa iba't ibang mga suporta at mga serbisyo para sa kapansanan sa Alberta. Nag-aalok sila ng mga kagamitan, mga mapagkukunan at impormasyon para matulungan ang mga pamilya na pamahalaan ang kanilang Suporta sa Pamilya ng mga Batang may mga Kapansanan [Family Support for Children with Disabilities (FSCD)] at mga serbisyo ng Mga Taong may mga Kapansanan sa Pag-unlad [Persons with Developmental Disabilities (PDD)].

Mabilis na mga Katotohanan

Tinatayang breakdown ng pagpopondo (2021-22)

- Mga sentro ng mapagkukunan ng pamilya - \$60,000 bawat isa
 - [Autism Society ng Alberta](#)
 - [Gateway Association](#)
 - [Inclusion Alberta](#)
 - [STEPS Society](#)
- [Alberta Ability Network](#) - \$100,000
- [Asosasyon ng mga Ahensiyang Nagsisilbi sa Imigrante ng Alberta \(Alberta Association of Immigrant Serving Agencies\)](#) - \$80,000
- [Mga Sentro ng Katutubo sa Pagkakaibigan ng Alberta \(Alberta Native Friendship Centres\)](#) - \$80,000

Mga sentro ng mapagkukunan ng pamilya sa Alberta

- [Autism Society ng Alberta](#):
 - Calgary
 - Fort McMurray
 - Lethbridge
 - Crowsnest Pass

- St. Paul
 - Chinook, Medicine Hat
- Asosasyon ng Gateway:
 - Edmonton
- Inclusion Alberta:
 - Grande Prairie
 - Darrell Cook Family Managed Supports Resource Center (Calgary)
- STEPS Society:
 - Red Deer

Kaugnay na impormasyon

- [Mga sentro ng mapagkukunan ng pamilya](#)
- [Ang Plano sa Pagbawi ng Alberta](#)